

**WARM-UP**

- Ikuwento ang isang pagkakataon kung kailan nakatanggap ka ng isang bagay na nasa hindi magandang kondisyon. Ano ang ginawa mo dahil dito?
- May pagkakataon ba na may humiling sa iyo na magbigay ng mensahe para sa isang tao, subalit nahihirapan kang maalala kung ano ito? Ano ang nangyari?
- Gaano ka katagumpay sa pagtanggap ng mantsa sa mga damit mo? Nagkamantsa na ba ang damit mo na hindi mo matanggal?

**WORD** *<sup>8</sup>"Alam ng Diyos ang nilalaman ng puso ng bawat tao. At ipinakita niya na tinatanggap din niya ang mga hindi Judio, dahil binigyan din sila ng Banal na Espiritu katulad ng ginawa niya sa atin noon. <sup>9</sup>Sa paningin ng Diyos, tayong mga Judio at silang mga hindi Judio ay pare-pareho lang. Dahil nilinis din niya ang kanilang puso nang sumampalataya sila . . . <sup>11</sup>Naniniwala tayo na maliligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo, at ganito rin naman sa mga hindi Judio. **MGA GAWA 15:8,9,11***

Sa Mga Gawa 15, ang mga disipulo ay nakipaglaban para sa katotohanan ng ebanghelyo. Ang mensahe ng ebanghelyo ay nagkakaroon ng kulay mula sa mga mga taong galing sa Judea na nagsasabi sa mga hindi Judio na dapat silang magpatuli upang maligtas. Subalit ipinaalala sa kanila ng Diyos na sa Kanyang paningin, ang Judio at hindi Judio ay pare-pareho lang at ang lahat ay maliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya. Ipinaliwanag Niya kung paanong ang ebanghelyo ay para sa mga Judio. Tulad ng mga Judio, natanggap din nila ang Banal na Espiritu, ang paglilinis ng Kanilang puso sa pamamagitan ng pananampalataya, at kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya ni Jesus. Ang kaligtasan na ibinibigay ng Diyos ay biyaya Niya para sa lahat.

Hindi tradisyon, relihiyosong mga gawain, o sarili nating mga gawa ang nagpapatunay sa katotohanan ng ebanghelyo. Sa katunayan, ang mabubuting gawa ay natural na bunga habang nararanasan natin ang katotohanan at kalayaan na dala ng mensahe ni Cristo. Narito ang tatlong mga bagay na maaaring maranasan ng lahat ng tao mula sa tunay na mensahe ni Cristo.

## 1 | Ang mensahe ng ebanghelyo ay ibinibigay sa lahat ng tao.

*“Alam ng Diyos ang nilalaman ng puso ng bawat tao. At ipinakita niya na tinatanggap din niya ang mga hindi Judio, dahil binigyan din sila ng Banal na Espiritu katulad ng ginawa niya sa atin noon.”* **MGA GAWA 15:8**

Ang mensahe ng ebanghelyo ay hindi lamang para sa iisang lahi o etnikong grupo. Ipinakita ng Diyos ang pagtanggap Niya sa atin nang ibinigay Niya ang Banal na Espiritu sa kanila gaya ng pagbigay Niya sa mga mananampalatayang Judio. Dahil dito, makikita sa iglesya ang pagiging bukas sa lahat ng grupo ng mga tao. Paano naaapektuhan ng pagtanggap ng Diyos sa lahat ng tao ang paraan kung paano mo sila nakikita? Paano mo ito nararanasan o nakikita sa komunidad ng iglesya?

---

---

## 2 | Ang mensahe ng ebanghelyo ay naglilinis ng ating mga puso.

*“Sa paningin ng Diyos, tayong mga Judio at silang mga hindi Judio ay pare-pareho lang. Dahil nilinis din niya ang kanilang puso nang sumampalataya sila.”* **MGA GAWA 15:9**

Ang pagtanggap sa ebanghelyo ay naglilinis sa atin mula sa kasalanan. Ang tunay na mensahe ng ebanghelyo ang naglilinis sa ating mga puso sa pamamagitan ng pananampalatayang nagdadala sa atin kay Cristo at nagbibigay sa atin ng bagong simula. Kailan mo ganap na naunawaan kung ano ang ginawa ni Cristo para sa iyo? Ano ang naging tugon mo?

---

---

## Ang mensahe ng ebanghelyo ay kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.

*“Naniniwala tayo na maliligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya ng Panginoong Jesu-Cristo, at ganito rin naman sa mga hindi Judio.” MGA GAWA 15:11*

Kay Cristo, ang lahat ng tao ay naligtas. Sa pagkatanggal ng mga tradisyon at relihiyosong mga gawain, makikita na ang simpleng ebanghelyo ay para sa kaligtasan ng lahat ng tao. Dahil dito, hindi natin magagawang tumingin sa iba nang may diskriminasyon o panghuhusga. Hindi rin tayo maaaring umasa sa sarili nating gawa para sa ating kaligtasan. Paano mo naranasan ang tunay na ebanghelyo ni Cristo? Paano tayo naligtas, ayon sa Bibliya? (Mga Taga-Efeso 2:8,9).

---

---

### APPLICATION

- Isinuko mo na ba ang buhay mo kay Cristo at naranasan kung paano Niya ipinakita sa iyo ang iyong kasalanan, at kung paano ka Niya nilinis at iniligtas. Kung hindi pa, gusto mo ba itong gawin ngayon?
- Ang mensahe ng ebanghelyo ay binabatikos sa loob at labas ng iglesya. Bilang mga tagasunod ni Cristo, dapat nating panghawakan ang tunay na ebanghelyo sa pamamagitan ng pananalig sa Salita ng Diyos. Paano mo mapapagtibay ang pagbabasa ng Bibliya araw-araw?
- May kaibigan o kapamilya ka ba na hindi pa nararanasan ang pagbabagong buhay na bunga ng pagkakakilala sa Diyos? Paano mo maipapangaral ang ebanghelyo sa kanila?

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos para sa tunay na mensahe ng ebanghelyo na nagpapakita sa atin ng ating kasalanan, naglilinis, at nagliligtas sa atin. Pasalamatang Siya dahil ang ebanghelyong ito ay para sa lahat ng tao, at walang kinikilingan.
- Hingin sa Diyos ang karunungan na ipaglaban ang katotohanan ng ebanghelyo gaya ng ginawa ni Pablo at ng iba pang mga disipulo. Ipanalangin na ibigay Niya sa iyo kung ano ang mga maaari mong sabihin at ang kalakasan upang labanan ang mga kasinungalingan at panlilinlang ng kaaway.
- Ipanalangin na mas maunawaan mo ang tunay na mensahe ng Diyos at mas maging malalim ang ugnayan mo sa Kanya. Ipanalangin ang tunay na kaligayahan at kapayapaan na nagmumula sa pagkakilala mo sa Diyos. Ipanalangin na mas maging malinaw ang tinig ng Diyos sa buhay mo sa paglipas ng mga araw.

## NOTES



**VICTORY**

© 2019 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

[victory.org.ph](http://victory.org.ph)